# Ang Mga Macabebe sa Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1902)

**RENATO N. PELORINA**

*The paper deals with the role played by the Macabebes as native soldiers used by the American military against the Filipino revolutionary forces during the Filipino-American War from 1899 to 1902. It has been the standard practice of any colonizing power to use native troops as auxiliary forces in many colonies to achieve its end. The Macabebes in the town of Macabebe, Pampanga were known to be very zealous in protecting their homeland by resisting the Spanish colonizers. But after their defeat by the superior military power, they made a one hundred eighty-degree turn and started serving the Spanish colonial government for more than three centuries. This turn of events was made possible by the Spaniards through the use of the elites of the town of Macabebe who acted as intermediaries between them and the common people. When Spanish colonization ended, the Macabebes who did not have any alliance with the Filipino revolutionaries shifted their loyalty to the Americans. Like the Spaniards, the Americans used the elites in the town of Macabebe in order to get the support of the common people for their cause. The people of this town had a patron-client relationship with these elites who were pro-American and controlled the politics and economy. In their campaign against the revolutionary forces during the Filipino-American War, they used the Macabebes as scouts, pontooniers, teamsters, camp followers, and guides in their military operations in order to cripple the last vestige of Filipino resistance. The employment of Macabebe Scouts in the American military campaign was a great success. The unbroken succession of elite influence since the Spanish period to the American regime made it possible for the American project of employing native troops for military service. The Macabebes who were merely farm workers* (kasamak) *of the landlords had seen soldiering as*

Renato N. Pelorina is an instructor of history at the Department of Social Sciences at the Cavite State University in Indang, Cavite. Email: renzpelorina@yahoo.com.

*a source of their family's income. A number of them joined, but this decision tarnished their reputation as a people. They were branded by their fellow Filipinos as stooges, collaborators, and traitors. These accusations, however, are unfair for the Macabebes. Their service to the American colonial government was largely a consequence of the elite influence in their town that had been controlling the politics and economy that marginalized them for a long period of time.*

## ANG MGA MACABEBE SA DIGMAANG PILIPINO-AMERIKANO (1899-1902)

Ipinagdiwang na natin ang sentenaryo ng Himagsikang Pilipino na naging daan sa paglaya ng Pilipinas mula sa pananakop, una, ng mga Espanyol at, ikalawa, ng mga Amerikano, ngunit hanggang sa kasalukuyan, may ilang aspekto pa rin ng ating kasaysayan lalo na sa panahon ng himagsikan na hindi pa gaanong natalakay ng mga historyador. Marami na ang nasulat at nailathala sa ating kasaysayan ngunit makikitang may pagkukulang pa rin ang mga ito. Ayon sa isang historyador, *"history has been considered as an enormous jigsaw with a lot of missing parts."*[1]

Isa sa mga aspekto ng ating kasaysayan na hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa gaanong natalakay ay ang kaso ng mga Macabebe. Ang mga Macabebe ay mamamayan ng bayan ng Macabebe, Pampanga sa Gitnang Luzon. Sa aking pagsusuri, ang mga Macabebe ay hindi pa gaanong napag-aralan ng mga historyador, at panahon na ang pag-susuri sa kanila. May sumulat na rin sa mga Macabebe katulad ni Manuel Sastron sa kanyang aklat na *La Revolucion en Filipinas: Guerra Hispano-Americana en el Archipelago* at Carlos Ria-Baja sa kanyang akda na *El Desastre Filipino: Memorias de un Prisionero*. Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, may espesyal na pag-aaral ang manunulat na si Charles H. Franklin na pinamagatang *History of the Philippine Scouts, 1899-1934* at ang disertasyon ni James Richard Woolard na *The Philippine Scouts: The Development of America's Colonial Army*. Sa Pilipinas, isa

pa lamang ang sumuri at nagsulat sa paksang ito sa katauhan ni Propesor Florentino Iniego Jr. na nailathala sa *Philippine Social Sciences Review* (vol. 57, mga bilang 1-4, Enero-Disyembre, 2005) na pinamagatang "Ang Imahe ng mga Macabebe sa mga Litrato ng American Mass Media (1899-1901)".

Bukod sa mga nabanggit, nakita ng mananaliksik na may isyu pang dapat pagtuunang pansin sa mga Macabebe. Sa partikular, tatalakayin sa papel na ito ang ginampanang paglingkod ng mga Macabebe sa pwersang Amerikano sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899-1902. Ang mga sumusunod na mga katanungan ay sasagutin.

1. Bakit naglingkod ang mga Macabebe sa hukbong Amerikano laban sa kanilang kapwa Pilipino?

2. Anu-anong mga kundisyong panlipunan ang nagbigay-daan sa pagpanig ng mga Macabebe sa mga Amerikano?

3. Bakit ginamit ng mga Amerikano ang mga sundalong Macabebe bilang mga katutubong kawal sa kanilang kampanyang militar laban sa mga rebolusyonaryong Pilipino?

Naninindigan ang papel na ang mga Macabebe ay naglingkod sa hukbong Amerikano sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano dahilan sa kundisyong panlipunan na mula pa sa panahon ng mga Espanyol ay kontrolado ng mga elit sa bayan ng Macabebe at karatig-bayan gaya ng Apalit na naging modelo o basehan ng kanilang mga desisyong pulitikal.[2] Ito ang nilinaw ni Evelyn Miranda at ni Milagros Guerrero sa kanilang mga pag-aaral sa impluwensya ng mga elit sa desisyong politikal ng karaniwang mamamayan. Dahil sila ay may pyudal na relasyon sa mga elit/patron (*patron-client relationship*) na masugid na tagasuporta sa mga dayuhan, mula pa sa panahon ng mga Espanyol na nagpatuloy sa panahon ng mga Amerikano, ang mga elit ang nagsilbing tagapamagitan (*intermediaries*) sa karaniwang


mga tao at mga mananakop upang mapanatili nang huli ang kanilang kapangyarihang pulitikal at pagkontrol sa ekonomiya.

## ANG BAYAN NG MACABEBE SA PAMPANGA AT LOOK NG MAYNILA

Ayon sa pag-aaral ni Jean-Christophe Gaillard sa heograpiya, ang Pampanga ay binubuo ng dalawang klaseng lupain ayon sa taas nito mula sa dagat. Ang mga ito ay ang Hilaga o mataas na bahagi (upper Pampanga) at ang Timog o mababang bahagi (lower Pampanga).[3] Sa panahon ng mga Espanyol, ang mga unang pamayanan ng Pampanga ay itinatag sa mga mababang bahagi na matatagpuan malapit sa ilog. Mas malaki ang impluwensiya ng mga Espanyol sa mga pamayanang matatagpuan sa katimugang bahagi ng probinsiya sa aspekto ng kultura, pulitika, at relihiyong Kristiyanismo kung ikukumpara sa hilaga. Ang katimugang bahagi ang pokus ng mga Espanyol sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga *missions* at *encomiendas.*[4]

Isa sa mga bayan na kakikitaan ng impluwensya ng mga Espanyol sa larangan ng kultura at pulitika na matatagpuan sa mababang bahagi ng Pampanga ay ang bayan ng Macabebe (Larawan 1). Ang bayang ito ay matatagpuan sa sentro o gitna ng mga bayang nasa mababang bahagi ng Pampanga at napapaikutan sa mga bayan ng Minalin sa hilaga, Masantol at Look ng Maynila sa timog, Sasmuan sa kanluran, at Apalit at mga bayan ng Calumpit at Hagonoy ng Bulacan sa silangan.[5] Ang salitang Macabebe ay nangangahulugang "nasa baybay ilog" (*along river banks*). Ito ay sapagkat ang bayang ito ay matatagpuan malapit sa *Rio Grande de la Pampanga* na naghihiwalay sa teritoryo ng bayan ng Apalit, Pampanga, at ng Hagonoy, Bulacan.[6]

Kung titingnan sa mapa ng Gitnang Luzon, ang bayan ng Macabebe ay isa sa pinakamalapit na bayan sa Maynila sa pamamagitan sa pagtawid sa Look ng Maynila. Mula sa bayang ito papuntang Maynila ay umaabot lamang ng 61.2 kilometro ang




**Larawan 1.** ***Mapa ng Pampanga mula sa pag-aaral ni Jean-Christophe Gaillard (2002).***

distansiya at tatagal lamang ng tatlong oras ang biyahe sa pamamagitan ng pagtawid sa Look ng Maynila gamit ang sasakyang pandagat na di-makina.[7] Sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol, ang bayan ng Macabebe ay bahagi ng mga *encomienda* na itinatag ng mga Espanyol sa mga bayang malapit sa ilog. Ito ay isa sa pinakamaunlad na bayan ng Pampanga sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol, pangalawa sa Bacolor, ang kapital ng probinsiya.[8] Ang kayamanan sa bayan ng Macabebe ay nagmula sa masaganang isda at produktong agrikultural. Ngunit mapanganib din ang kanilang lugar sapagkat maraming buwaya ang matatagpuan sa mga ilog dito. Lubhang mapanganib ang tubig noon sa bayang ito na ang mga taong nakaligtas sa buwaya ay nagpapamisa sa tuwa.[9] Dahil sa lokasyon ng bayan, ang mga Macabebe ay mahuhusay at sanay sa pagdadala ng mga bangka sa mga ilog malapit sa kanilang bayan.[10]

Maliban sa anyong tubig na nakakonekta mula sa bayan ng Macabebe hanggang sa Look ng Maynila, ang bayang ito ay nakahiwalay rin sa mga karatig bayan ng Pampanga sa pamamagitan ng maraming mga ilog. Halimbawa, mula sa siyudad ng San Fernando, may anim na ilog ang dadaanan bago makarating sa bayan ng Macabebe.[11] At mula naman sa Calumpit, Bulacan, tatawid pa ng Ilog Pampanga (*Rio Grande de la Pampanga*).[12] Kung manggagaling naman sa Apalit, karatig-bayan sa hilaga, marami ring ilog ang madadaanan bago pa makarating sa Macabebe.[13] Dahil sa kanyang kakaibang lokasyon, ang bayan ng Macabebe ay parang isang maliit na bangka sa kalagitnaan ng Karagatang Pasipiko.[14]

Bago pa dumating ang mga Espanyol, ang bayan ng Macabebe ay tahanan na ng may 2,600 tao. Ayon sa tala ng mga Espanyol, ang mga pinuno ng Maynila, Tondo, at mga datu ng Hagonoy, Calumpit, at Macabebe ay magkaalyado. May ugnayan ang mga pinuno sa rehiyong ito ng Look ng Maynila mula Ilog Pasig hanggang Ilog Pampanga na pinamunuan ng mga aristokrasyang kamag-anakan na maaaring tingnan bilang isang sonang heograpiko-kultural.[15]

Halimbawa, si Rajah Lakandula ng Tondo ay may kaugnayan sa mga nobilidad ng Pampanga at malaki ang kanyang impluwensiya sa mga mamamayan doon sapagkat ang pinuno ng Candaba na si Dionesio Capulong ay anak niya.[16] Samantala, ang bayan ng Macabebe ay pinamunuan ni Tarik Soliman, o Bambalito (sa mga Espanyol) na sinasabing kamag-anakan din ng mga pinuno ng Maynila. Nang masakop ang mga pinuno ng Maynila sa mga Espanyol noong 1570, hindi nakapagtataka na ang pakikibaka ay isang pagkalahatang aksiyon ng mga pamayanang Tagalog ng Bulacan at Kapampangan sa Pampanga.[17]

Nang malaman ng mga pinuno ng Pampanga at mga Tagalog sa Bulacan at sa mga bayan ng Calumpit, Hagonoy, Macabebe, at Betis ang pagsakop sa Maynila at Tondo, sumugod ang may 40 mandirigma sa pangunguna ng Hari ng Macabebe na si Tarik Soliman o Bambalito at hinamon sina Rajah Matanda, Rajah Lakandula, at Rajah Soliman na makiisa sa kanila upang patalsikin ang mga Espanyol, ngunit naduwag ang mga ito at ayaw nilang baguhin ang kanilang desisyon sa pagkilala sa kapangyarihan ng hari ng Espanya. Kaya ang "hari" ng Macabebe kasama ng kanyang mga tauhan ang nakipaglaban sa mga Espanyol upang patalsikin ang mga dayuhan, ngunit sa kasamaang palad, siya ay napatay, pati na ang kanyang mga kasamahan. Dahil sa pangyayaring ito, sinasabing nagtapos ang ugnayan ng mga Tagalog sa Maynila at Tondo at ng mga Macabebe sa Pampanga.[18]

## ANG MGA MACABEBE SA PANAHON NG PANANAKOP NG MGA ESPANYOL

Matapos magapi ang pinuno ng Macabebe at kanyang mga kasamahan, sinimulan na ng mga Espanyol ang pagsakop sa probinsya ng Pampanga. Sa pagkakataong ito, ginamit ng mga Espanyol ang mga elit sa Maynila at Tondo sa pamamagitan ni Lakandula upang maging instrumento sa pagpapahupa sa mga grupong naging hadlang

sa kanilang mga hangarin. Sa kanilang paghanga sa mga Macabebe, inisip nila na magamit ang mga ito upang maging katulong sa pagpapahupa sa mga taong sagabal sa kanilang tagumpay. Upang makumbinsi ang mga Macabebe, naging instrumento ng mga Espanyol ang mga elit tulad ni Rajah Lakandula upang makuha ang suporta ng mga ito. Sa pagsuporta ni Lakandula sa pamahalaang kolonyal, naging madali para sa mga Espanyol ang pagsakop sa Maynila at mga karatig-pook, at siya ay pinagkalooban ng ikatlong bahagi ng lahat na nakolektang *tributo* (buwis) na dati niyang tinanggap mula sa kanyang mga *sacop* bago pa ang pananakop.[19]

Nang mabinyagan si Lakandula (Don Carlos Lakandula), nagsimula ang pagturing sa kanya ng mga Espanyol bilang isang tagasunod (*subordinate*).[20] Kasama ang kanyang anak na si Dionesio Capulong, ang pinuno ng Candaba at Arayat, naging matagumpay ang pagsakop sa Pampanga at sinasabing "napatahimik" ang dating mga kaalyado o mga mandirigmang Macabebe at mga taga-Calumpit na lumaban sa Bangkusay.[21] Dahil sa epektibong pagsakop sa Pampanga ng mga Espanyol sa pamamagitan ng tulong ng mga maimpluwensiyang elit upang mapasuko ang mga ordinaryong mamamayan, naging madali sa mga Espanyol na gamitin ang mga kamag-anakan ng mga dating naghimagsik na maglingkod sa pamahalaang kolonyal. Kaya nang umatake si Limahong sa Maynila noong 1574, ito ang unang pagkakataon na ipinakita ng mga Macabebe ang katapatan nila sa mga Espanyol sa pakikipaglaban na nagresulta sa pagkagapi ng piratang Tsino.[22]

Mula noon, naging kasangkapan ng mga Espanyol ang mga Macabebe sa kanilang "pasipikasyong" militar sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at maging sa labas ng bansa. Si Dionesio Capulong at mga sundalong Macabebe ay nakasama ng mga Espanyol sa kampanyang militar sa Ambos Camarines, Cagayan, Ytuy (Nueva Vizcaya), Zambales, at maging sa kanilang ekspedisyon sa Cambodia.[23] Nakasama rin sila sa kanilang kampanyang militar sa

Caraga, Calamianes, Negros, Ogtong (Oton, Iloilo), Leyte, Pangasinan, Cebu, Lanao, Zamboanga, at Surigao bilang "*un tercio*"[24] at lumaban sa mga Olandes sa Bataan at Cavite[25] at sa labas ng bansa tulad sa Molukas, Marianas, at Vietnam.[26] Lumaban din sila sa mga Taipings at kinilala bilang mga "Ever Victorious Army" at nakasama ng mga sundalong Pranses sa pagsakop sa Indo-China.[27] Sinanay ang mga Macabebe sa mga kampong militar ng mga Espanyol sa Ternate, Zamboanga, Jolo, at Caraga.[28]

Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay maayos ang relasyon ng mga Espanyol at mga Kapampangan, partikular ang mga Macabebe. May nabuong pag-aalasa sa Pampanga sa mga taong 1585, 1645, at 1660 dahil sa pagmamaliit (*racial discrimination*) at kawalang hustisya sa mga tao sa pamamalakad ng pamahalaang kolonyal. Ang mga dahilan dito ay ang *tributo*, *polo*, *cortes de madera* (pagpupotol ng kahoy), at *vandala* na naging dahilan sa paghihirap ng mga tao. Sa pag-aalsa noong 1660 na pinangunahan ni Francisco Maniago (pinuno ng Mexico), kasama ang mga Macabebe at kumalat ang pag-aalsang ito sa iba't ibang probinsiya ng Luzon. Dahil rito nangamba ang mga Espanyol sapagkat kasama rito ang mga Macabebe na may kasanayan sa pakikipaglaban. Tumungo si Gobernador Manrique de Lara sa Arayat upang hilingin ang tulong ni Don Juan Macapagal. Si Don Juan Macapagal ay apo ni Dionisio Capulong at apo sa tuhod ni Lakandula. Kaugnay nito, tumungo kaagad si Macapagal sa bayan ng Macabebe upang pakalmahin ang mga mamamayan. At bilang pagsuporta sa mga Espanyol, nag-organisa pa siya ng pwersa sa kanyang bayan upang pigilan ang pagkalat ng pag-aalsa sa mga karatig-probinsiya. At nang magpadala ang mga Macabebe ng kanilang mga kasama upang hilingin ang suporta ni Macapagal, pinatay pa niya ang mga ito.[29]

Dahil sa kakulangan ng suporta mula sa mga elit, naglaho ang rebelyon. Bilang pabuya sa ginampanan ni Macapagal, ibinigay sa kanya ang titulong *Maestre de Campo y General de los Naturales del*

*Pueblo de Arayat, Candaba y Apalit y Todos Sus Altos de Zambales y Aetas* ('Master of Camp and General of all of the inhabitants of the towns of Arayat, Candaba and Apalit and all the mountains of Zambales and the Aetas').[30] Ang pagiging tapat ng mga Macabebe sa mga Espanyol ay patuloy habang nanatili ang pamahalaang kolonyal sa Pilipinas at sila ang inaasahan bilang mga katutubong kawal sa pagmamantina ng kanilang kapangyarihan. Kaugnay nito itinatag ang *72nd Macabebe Regiment* bilang bahagi ng hukbong sandatahan ng mga Espanyol upang protektahan ang Maynila, at marami rin sa kanila ang naging mga *guardia civil.* Isa sa bantog at kilalang elit sa bayan ng Macabebe sa pagputok ng Himagsikang Pilipino noong 1896 ay si Don Eugenio Blanco y Leyson na masugid na kaalyado ng mga Espanyol.[31]

## ANG PAMPANGA AT MACABEBE SA PANAHON NG REBOLUSYON

Batay sa pagsusuri ni Larkin, masasabing di-gaano kalakasan ang suporta ng probinsiya ng Pampanga sa rebolusyon kung ikukumpara sa ibang mga probinsiya ng Luzon.[32] Matapos ang deklarasyon ni Gobernador Heneral Blanco ng digmaan laban sa walong probinsiya ng Luzon, nagkaraoon di-umano ng pansamantalang katahimikan sa Pampanga mula Setyembre 1896 hanggang Nobyembre 1897[33], samantalang sa ibang probinsiya ay patuloy ang labanan. Ang sitwasyong ito ay nagpapatunay na mas marami pa ring elit sa Pampanga ang may hawak sa kapangyarihan ang nanatiling tapat sa mga Espanyol. Dahil sa katapatan ng mga Kapampangan sa pamahalaang kolonyal, hiniling ni Jose Canovas, alkalde ng Pampanga sa panahon ng himagsikan, kay Gobernador Heneral Primo de Rivera na bigyan ang Pampanga ng titulong "*Muy Española, Muy noble, Muy leal, Muy heroica y siempre fiel, o victoriosa I invicta*". Dahil sa kanilang katapatan sa pamahalaang kolonyal, may kasabihan na "isang Espanyol at tatlong Kapampangan ay katumbas ng apat na Espanyol".[34]

Habang patuloy ang himagsikan, ang bayan ng Macabebe ay patuloy ring naninindigan upang ipaglaban ang pamahalaang kolonyal, samantalang ang ibang bahagi ng Pampanga ay uni-unti nang nagsisuko sa mga rebolusyonaryo. Si Don Eugenio Blanco y Leyson na kilalang may impluwensya sa bayang ito ay nagmamay-ari ng malalawak na lupain na may malaking impluwensya sa mga Macabebe. [35]

Ang kanyang mga ari-arian ay tinatawag na *Banding Koronel* na ang ibig sabihin sa wikang Filipino ay "lupain o pag-aari ni Koronel Blanco". Siya ay mapagmahal sa pamilya, matulungin, relihiyoso, mabait, at kilala sa bayan ng Macabebe. Ngunit dahil sa kanyang kapangyarihang pulitikal kung may gusto siyang ipapatay sa kanyang kalaban ay walang pasubaling ipinapapatay niya ito.[36] Tapat ang mga Macabebe kay Koronel Blanco at sinunod nila ang kanyang desisyong politikal.[37] At dahil sa seguridad ng mga Espanyol sa bayan ng Macabebe, pinalakas nila ang kanilang pwersa sa bayan at itinatag ang pinakamalaking kampo ng hukbong Espanyol sa probinsiya ng Pampanga sa pamumuno ni Heneral Ricardo Monet.[38]

Sa pagputok ng Himagsikang Pilipino, nanatili ang katapatan ng mga Macabebe sa pamahalaang kolonyal, bagamat ang karamihan sa mga Pilipino ay lumaban sa pagpapatalsik sa mga kolonisador upang maitatag ang pamahalaang pamumunuan ng mga Pilipino. Nakasama sila ng mga Espanyol sa kampanya sa Kabite at nangako sa pagdakip kay Aguinaldo sa bayan ng Imus. Sa puntong ito, naging negatibo ang tingin ng karamihan lalo na sa panig mga rebolusyonaryo. Dito nagsimula ang pagtawag sa kanila bilang mga "traydor" sa bayan.[39] Dahilan sa kanyang katapatan sa mga Espanyol, naging tanyag si Don Eugenio Blanco sa bayan ng Macabebe. Itinatag niya ang *Voluntarios de Macabebes* upang magsilbing tagapagtanggol ng mga Espanyol sa probinsiya ng Pampanga at mamamayan ng Macabebe. Ang grupong ito ang nagsilbing pwersa upang labanan

ang mga rebolusyonaryo sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo na may hawak na 1,000 baril.

Noong Hunyo 3, 1898, tumindi ang labanan sa Pampanga sa pangunguna ni Maximino Hizon dahil sa pagbabalik ni Heneral Aguinaldo mula Hong Kong. Sa huling linggo ng Hunyo ang nalalabing pwersang Espanyol sa pamumuno ni Heneral Ricardo Monet kasama ang batalyon ng Macabebe na tinutugis ni Heneral Makabulos mula sa Pangasinan at Tarlac ay dumating sa San Fernando. Ang Hukbong Espanyol na binubuo ng mga *Casadores*, *Guardias Civiles*, at *Voluntarios de Macabebes* na may bilang na mahigit tatlong daan (300) sa pangunguna ni Koronel Dujiols ay pumunta sa Angeles upang iligtas ang isang paring Agustino na si Fr. Baltazar. Ang pwersang ito ay nagsama sa pangunguna ni Heneral Monet at tumuloy sa bayan ng Macabebe.[40] Sa ilalim ng proteksyon ng may 3,000 sundalong Macabebe, ang pwersa ng mga Espanyol ay nagtago sa "Mansion" ng mga Blanco kasama ang mga pari at asawa't anak ni Heneral Basilio Agustin. Mula Angeles patungong Macabebe, nagkaroon ng labanan sa mga bayan ng Apalit, Sto. Tomas, at Minalin, ngunit nagtagumpay pa rin ang pwersa ni Monet na makarating sa Macabebe na malapit na sa Look ng Maynila na himpilan ng mga barkong pandigma ng Espanya. Dito naganap ang madugong labanan sa pagitan ng mga Espanyol kasama ang mga Macabebe at mga rebolusyonaryo sa pangunguna ni Heneral Isidoro Torres. Dahil dito, napilitang tumakas ang pwersa ng mga Espanyol papuntang Maynila. Gamit ang barkong *Mendez Nuñez*, ang mga babae, bata, at asawa ni Heneral Monet ay isinakay at nilagyan ng bandilang *Red Cross* upang makalabas ng bayan. Si Monet at ang anak at asawa ni Heneral Agustin ay sumakay sa mas malaking barko at nakarating sa Tondo. At sa patuloy na labanan maraming napatay sa panig ng mga Macabebe laban sa mga rebolusyonaryo hanggang tuluyan nang nakubkub ang bayang ito.[41]

## ANG DIGMAANG PILIPINO-AMERIKANO: ANG PAGREKLUTA NG MGA AMERIKANO SA MGA MACABEBE

Ang unang kontak sa pagitan ng mga Macabebe at mga Amerikano ay noong matapos ang pagkubkob sa *Intramuros* noong Agosto 1898. Sa loob ng *Intramuros* ay may 14,000 bihag na mga Espanyol at kasama ang 270 Macabebe na bahagi ng *72nd Macabebe Regiment* na nagbigay-proteksyon sa Maynila. Matapos bumagsak ang bayan ng Macabebe sa huling linggo ng Hunyo 1898 hanggang sa pagsuko ng mga Espanyol ay nangamba ang mga Macabebe. Kaya ang pangyayaring ito ang nagtulak sa kanila na pumanig sa mas makapangyarihang Amerikano. Ito ay isang pangangailangan para sa kanilang seguridad. Ngunit nag-alinlangan ang mga Amerikano sa unang pagkakataon. Una, ang kanilang mga opisyal na Espanyol ay gustong manatili sa proteksyon ng mga Amerikano, at ikalawa, hindi pa rin malinaw ang usaping diplomasya sa pagitan ng mga Espanyol at mga Amerikano bagamat may plano na ang *Expeditionary Force* na magrekluta ng mga katutubong kawal.[42] Maliban sa seguridad, problema rin ng mga Macabebe ang pagkain sa loob ng *Intramuros* kaya upang masolusyunan ito, pinalinis ng mga *Provost Martial* ng Maynila ang mga Macabebe sa mga *Botanical Gardens* kapalit ng pagkain.[43]

Upang makaalpas sila sa kanilang sitwasyon sa *Intramuros*, hiniling ng mga Macabebe sa mga Espanyol na ilikas sila sa *Caroline Islands* para sa kanilang siguridad. Ang planong ito ay naisakatuparan noong Abril 1899 nang payagan ng mga Amerikano ang pakiusap ng mga Espanyol. Kasama ang kani-kanilang pamilya, tumungo ang may mahigit 700 sa kanila sa *Caroline Islands* at Saipan. May grupo ring isinama ang mga Espanyol sa Espanya at ang natira ay bumalik sa kanilang bayan nang makontrol na ito ng mga Amerikano.[44]

Samantala, bago pa man pumutok ang Digmang Pilipino-Amerikano, may plano na sina Heneral Elwell Otis, pinuno ng Hukbong Amerikano (Eighth Army Corps) sa Pilipinas at si Heneral Arthur MacArthur na magrekluta ng mga katutubong kawal. Ito rin ang iniisip ni Heneral Henry Lawton nang dumating siya sa Pilipinas. Matapos bumagsak ang Malolos at patuloy ang labanan sa Gitnang Luzon, sinundan ng mga sundalong Amerikano si Heneral Aguinaldo sa pamamagitan ng *Northern Expedition* na pinamunuan ni Heneral MacArthur. Pagdating nila sa Pampanga, nagkaroon ng problema ang operasyong militar ng mga Amerikano sapagkat maliban sa hindi nila alam ang tereyn, napakaraming ilog sa probinsyang ito na nagpabagal sa kanilang pagtugis kay Aguinaldo. Ang kanilang kabayo ay nahirapang tumawid sa mga tulay na yari sa kawayan na sinira pa ng mga nagsiurong na nga rebolusyonaryo. Bihira rin ang kalsada at kapag tag-ulan, mabagal ang kanilang pag-usad dahil sa putik. Kaya kinailangan nila ang mga bangka sa pagtawid ng mga ilog na ito.[45] Sa puntong ito, tinulungan ng mga Macabebe ang mga sundalong Amerikano sa mga materyal ng pangangailangan, isa na rito ang pagtawid sa mga Amerikanong kawal gamit ang mga bangka.[46] Dahil dito, iminungkahi ni Tenyente Matthew Batson (*4th Cavalry*) na dapat matugunan ang problemang kinaharap ng mga Amerikano, at sa puntong ito, naisip niya ang mga Macabebe habang patuloy ang kanilang paglusong sa mga ilog ng Pampanga.[47] Dahil sa positibong pagtingin ni Tenyente Batson sa mga Macabebe, nakumbinsi niya ang mga matataas na opisyal ng hukbong Amerikano, at inaprubahan ni Heneral Ellwell Otis ang nasabing panukala ni Batson at inirekomendang gamitin lamang ang mga Macabebe sa mga ilog at pinak (*swamp*) malapit sa kanilang bayan.[48]

Nang maaprubahan ang planong ito noong Setyembre 6, 1899, inatasan kaagad ni Otis si Batson na tumungo sa bayan ng Macabebe. Sakay ng tren mula Maynila hanggang Calumpit, Bulacan, sumakay si Batson ng bangka papuntang Macabebe at nagtungo sa bahay ng

alkalde ng bayan na si Tomas Pacia, at ipinaalam ang kanyang pakay upang magsanay ng 100 Macabebe. Si Tomas Pacia ay dating *gobernadorcillo* sa bayan ng Macabebe sa panahon ng mga Espanyol at bilang kilalang elit sa bayan, siya ang nilapitan ni Batson sa misyong pagrekluta. Dahil maimpluwensya ni Pacia sa mga mamamayan, naging matagumpay ang misyon ni Batson. Ipinatawag ng *Tenyente Mayor* ng bayan ang mga kabataang may edad 14 hanggang 32 mula sa mga karaniwang mamamayan[49]. Marami ang dumalo upang maglingkod sa mga Amerikano. Katunayan, nagpamisa pa ang mga Macabebe sa okasyong ito. Noong una pinili lamang ni Tenyente Batson ang 100 sundalo na dati nang naglingkod sa mga Espanyol. Ngunit sa huli pati na ang mga kabataan ay isinama na rin sa patuloy na pagrekluta. At upang matutukan ang pagsasanay at pagrekluta, nagtayo ang mga Amerikano ng kampong militar sa bayan ng Macabebe na tinatawag na *Camp Treadwell*.[50]

May ilang kadahilanan sa pagrekluta ng mga Amerikano sa mga Macabebe. Una, ang aspektong pang-ekonomiya – upang mapadali ang kampanya at makatipid ang hukbong Amerikano sa kanilang kampanyang militar. Lubos na mababa ang kumpensasyon ng katutubong kawal kumpara sa mga *volunteers* o *regular* na sundalong Amerikano. Bawat buwan, nakatanggap lamang ang mga Macabebe ng tatlong dolyar na *Mexican* para sa mga pribadong kawal, at 60 dolyar para sa mga *interpreter*. Ang kanilang sahod ay nanggagaling pa sa *Insular Government* o sa kita ng kolonyal ng Pamahalaang Amerikano sa Pilipinas at ito ay ikaapat na bahagi lamang ng kanilang gastos sa pagsusustento ng mga kawal na Amerikano.[51] Ikalawa, ang aspektong heograpikal. Mas alam ng mga Macabebe ang topograpiya ng bansa, lalo na ang bulubunduking bahagi ng probinsiya ng Pampanga. Alam nila ang tereyn sapagkat dati na silang sundalo sa panahon ng mga Espanyol kumpara sa mga Amerikano na hindi pa pamilyar sa mga kabundukan at kagubatan. Kaya sa pamamagitan ng mga Macabebe, madali nilang natukoy ang pinagtataguan ng mga

rebolusyonaryo sa operasyong militar.[52] Ikatlo, dahil sa kakulangan ng kawal ng hukbong Amerikano, nang magsiuwi na ang mga *volunteer* na nagmula pa sa Cuba pabalik sa Estados Unidos. Sa pagputok ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899, ang pwersa ng Estados Unidos ay umaabot ng 22,000 kawal at 16,000 sa mga ito ay mga *volunteer*.[53] Ang naging kasagutan sa kakulangan ng mga kawal ay ang mga Macabebe sa Pampanga.[54]

Maliban sa nabanggit na sa unahan, may mabigat pang dahilan sa pagrekluta ng mga Amerikano sa mga Macabebe sa Pampanga – ang *Indian Policy* na dati nang istratehiya ng hukbong Amerikano. Ang *Indian Policy* ay isang istratehiyang militar ng mga Amerikano sa kanilang kampanya laban sa mga *American Indian* sa kanilang pagpapalawak ng kanilang teritoryong nasakop papuntang kanluran sa mga bundok *Appalachian* na dating kontrolado ng *American Indian.* Katunayan, kalimitan ng mga Amerikanong heneral na nadestino sa Pilipinas ay nakaranas ng kampanya laban sa mga *Indian.*[55]

## ANG MGA MACABEBE BILANG MGA KATUTUBONG KAWAL NG HUKBONG AMERIKANO

Bilang mga katutubong naglingkod sa kolonyal na hukbo, ang mga Macabebe ay hindi itinuturing bilang mga sundalo noong una. Sila ay tinaguriang mga sibilyan na empleyado ng Kagawaran ng "Quartermaster" na may kontratang tatlong taon, ngunit ito ay maaring maulit (*renewable*) depende sa kanilang kagalingan at kagustuhan. Ngunit sila ay tinatawag na mga *de facto* na mga sundalo na kilala bilang mga *Macabebe Scouts*, nakauniporme ng *khaki* at inarmasan ng *Springfield carbines* na nasa unahan (*frontline*) ng hukbo.[56] Sapagkat ang mga Macabebe ay dati nang mga sundalo sa hukbong Espanyol, madali silang isinabak sa labanan makaraan lamang ng ilang araw na pagsasanay na dapat sana ay tatagal pa ng tatlo hanggang apat na linggo.[57]

Bilang mga katutubong kawal, ginamit lamang ang mga Macabebe noong una sa probinsiya ng Pampanga bilang mga bangkero (*poontoniers*), *camp followers*, *guides*, *scouts*, *teamsters*, *detectives*, at iba pa. Ang unang "*batch*" ng mga Macabebe scouts ay tinatawag na *United Spanish War Veterans (USWV)*. Samantala ang iba naman sa kanila ay mga tagaluto (*cooks)* at manununugtog (*musicians*). Matapos ang madaliang pagsasanay, sila ay hinati-hati sa mga grupo na binubuo ng 4 hanggang 6 na tauhan sa bawat isang bangka at madali nilang napigil ang mga rebolusyonaryo na sumisira sa mga linya ng komunikasyon ng mga Amerikano.[58] Kaya ang pagdadala ng mga Macabebe sa mga bangka sa mga ilog malapit sa kanilang bayan, at lalo na sa *Rio Grande de la Pampanga* sa paghahanap ng mga kuta ng mga rebolusyonaryo, ay naging karaniwang tanawin na ng mga mamamayan sa probinsiyang ito.[59] Dito ipinakita ng mga Macabebe ang kanilang kahusayan sa kanilang gawain. Kaya nilang patakbuhin ang kanilang mga bangka nang sampung milya sa loob lamang ng isang oras. Ang kanilang pagsagwan sa mga bangka ay halos walang marinig na ingay ng tubig, bagay na kinakailangan upang di mapag-alaman o mapansin ng mga kalaban.[60] Nasorpresa ang mga rebolusyonaryo sa kanilang kahusayan, at sa unang naganap na labanan, may 34 na mga *insurrectos* (rebolusyonaryo) ang napatay at 59 ang nahuli kasama na ang kanilang pinuno.[61] Ang tagumpay na ito ay ikinatuwa ni Heneral Otis.

Dahil sa tagumpay ng mga Macabebe sa unang operasyon, dinagdagan pa ang kanilang hanay sa patuloy na pagrekluta sa bayan ng Macabebe. Matapos ang taong 1899, nakapagbuo na ng limang kumpanya na naging bahagi sa *Northern Expedition* upang wakasan ag sinasabing "*Tagalog Insurrection*."[62] Nahuli ng mga Macabebe si Major Eduardo Llanera, anak ni Heneral Mariano Llanera sa San Jose, Nueva Ecija, noong Nobyembre 8, 1899. Nakatanggap ang mga Macabebe ng medalya dahil sa kanilang kahusayan. At noong taong 1900 opisyal na itinatag ang kumpanya ng Macabebe bilang bahagi

ng "*Philippine Squadron of Cavalry, U.S. Regular Army*.[63] Noong 1901, sinimulan na ang pagtatag ng *Philippine Scouts* na hindi na lamang limitado sa mga Macabebe kundi pati na rin sa ibang grupong etniko. Ito ay bilang pabuya di- umano sa mga Macabebe. At ang kanilang sweldo ay hindi na manggagaling sa *Insular Government* kundi manggagaling na sa *Army Appropriations*.[64]

Ngunit habang dinagdagan ang pagrekluta ng mga *Scouts*, binawasan naman ang bilang ng mga Amerikanong sundalo na nadestino sa Pilipinas. Isang taon matapos pumutok ang Digmaang-Pilipino Amerikano, ang mga sundalong Amerikano ay umabot ng 71,528; ngunit pagdating ng 1903, ang pwersang ito ay 17,748 na lamang. Karamihan sa kampanya laban sa mga rebolusyonaryong Pilipino ay napasa sa mga Macabebe at iba pang tribo na tinatawag nang *Philippine Scouts*.[65] Isa sa pinakamalaking ginampanan ng mga Macabebe sa hukbong militar ng mga Amerikano ay ang pagdakip kay Heneral Emilio Aguinaldo sa Palanan, Isabela, kasama ang mga Amerikanong opisyal sa pangunguna ni Koronel Frederick Funston sa pamamagitan ng pagpanggap bilang mga rebolusyonaryo. Ang pagkahuli kay Presidente Emilio Aguinaldo ay naging hudyat ng pagbagsak ng Unang Republika ng Pilipinas.[66]

Ngunit matapos ang pagkadakip kay Heneral Aguinaldo, patuloy pa rin ang operasyong militar ng mga Amerikano kasama ang mga Macabebe dahilan sa kilusang gerilya. Upang malutas ang ganitong problema, ginamit ng mga Amerikano ang istratehiyang *torture* tulad ng "*water cure*", "*rope cure*" at iba pang pagpapahirap sa mga rebolusyonaryo. Dahil sa patuloy na paggamit ng "*water cure*", lumaganap ang balita sa mga pahayagan at testimonya ng mga Amerikanong sundalo ukol dito. Sa debate ng mga imperyalista at mga anti-imperyalista sa pagdinig ng Senado ng Estados Unidos hinggil dito, lumabas na ang pinagbalingan at sinisi sa isinagawang "*water cure*" ay ang mga Macabebe sapagkat wala raw silang kaalaman sa

sibilisadong digmaan (*civilized warfare*) at ginawa nila ang mga bagay na ito dahil sa kanilang pagkamuhi sa mga Tagalog.[67]

Ang ganitong gawain ng mga Macabebe ay inamin ng mga Amerikanong opisyal dahilan sa isinagawang imbestigasyon ngunit itinanggi nilang may kinalaman sila rito. Dahil sa maimpluwensiyang pahayag ng mga Amerikanong opisyal sa publiko ng Estados Unidos hinggil sa kanilang paghugas-kamay sa isyung ito, gumawa ng mga teorya ang mga anti-imperyalista na ang kaugaliang ito ng mga Macabebe sa pagbibigay ng "*water cure*" ay namana daw nila sa mga Espanyol na malimit isinagawa sa panahon ng *Inquisition* at itinuro naman daw ng mga Macabebe sa mga Amerikano ang pagsasagawa nito.[68] Dahilan sa kontrobersya, inutusan ng pamahalaan si Major Frank McKenna, *Inspector General* ng Kagawaran ng Digmaan, na magsagawa ng imbestigasyon hinggil sa laganap na pagsasagawa ng "*water cure*". Matapos ang imbestigasyon, iniulat ni Major McKenna ang kanyang kongklusyon. Ayon kay McKenna, nagawa ng mga Macabebe ang *water cure* sa ilalim ng mga Amerikanong opisyal at sila ang may mabigat na responsibilidad sa gawaing ito.[69] Lumalabas na ginamit lamang ng mga Amerikano ang mga Macabebe bilang sangkalan (*scapegoats)*. Ito ang pananaw ng mga anak at apo ng mga sundalong Macabebe hinggil sa isyu ng *torture*.[70]

## ANG MGA ELIT SA MACABEBE SA PANAHON NG MGA AMERIKANO

Hanggang sa kasalukuyan ay palaisipan pa rin sa karamihang mga Pilipino at maging sa komunidad ng mga iskolar ang landas na tinahak ng mga Macabebe sa kasaysayan sa pamamagitan ng hayagang pagpanig nila sa mga Amerikano. Noon pa mang panahon ng mga Espanyol, malinaw na ginamit nila ang impluwensya ng mga elit sa lipunan upang makuha ang suporta ng karaniwang mamamayan. Ang katapatang ipinamalas ng mga karaniwang tao

ay masusukat sa katapatan ng mga *pricipalia/*elit sa mga mananakop. Kaya habang nanatiling tapat ang mga elit sa pamahalaang kolonyal na maimpluwensya sa ordinaryong mamamayan, napapanatili ng mga Espanyol ang seguridad ng pamahalaang kolonyal.[71]

Sa pagpasok ng ikalabing-siyam na siglo, ang sistemang ito ay nagpatuloy at ang mga dating *principalia* na nagmamay-ari ng malalawak na lupain ay nanatili sa kanilang mga kamag-anakan sa panahon ng mga Amerikano. Dahil rito nananatili rin ang kontrol ng mga elit sa pulitika at ekonomiya. Ang mga pamilyang Blanco, Pacia, Gomez, Guanzon, at Sabado ay iilan lamang sa mga pamilyang nagmamay-ari ng malalawak na lupain sa bayan ng Macabebe. Si Don Eugenio Blanco na naging koronel sa hukbong Espanyol ay naging popular sa bayan ng Macabebe na kilala bilang *Mang Teniong* at kinatatakutan sa bayan ng Macabebe. Ang hukbo ni Blanco ay nakakabayo (*cavalry)*.[72] Malakas siya sa pulitika at kung ayaw niya ang isang bagay ay walang magagawa ang bayan.[73] Ayon kay Severino Tubig:

> Kapag may kriminal na lumapit at humingi ng tulong kay Koronel Blanco, hindi na ito mahuhuli pa ng mga awtoridad sapagkat takot sila kay "Mang Teniong". Habang nananabako, sinanay ni *Mang Teniong* ang banda sa bayan ng Macabebe na malimit nag-ensayo sa "garden" ng kanyang "Mansion" at ang bandang ito ay malimit nananalo sa mga kumpetisyon.[74]

May mga elit rin na taga-Apalit na nagmamay-ari ng malawak na lupain sa Macabebe tulad nina Don Macario Arnedo, anak nina Capitan Joaquin Arnedo at Capitana Maria Sioco. Ang kanyang mga magulang ay matagal nang nagmamay-ari ng malawak na lupain sa panahon ng mga Espanyol. Sila ay kilala hindi lamang sa Pampanga kundi sa buong Pilipinas dahil sa kanilang kayamanan at katanyagan at malimit sila magkaroon ng mga bisita mula sa ibang bansa tulad halimbawa ng Grand Duke Alexis ng Rusya at ng Prinsipe ng Cambodia.[75] Si Macario Arnedo ay makapangyarihan sa panahon

ng rebolusyon. Nang magpanukala si Heneral Antonio Luna na sunugin ang bayan ng Macabebe dahil sa masugid na tagasuporta sa mga Amerikano, si Don Macario Arnedo ang pumigil upang hindi ituloy ni Luna ang planong ito. Sa halip sinamahan niya si Heneral Luna na bumisita sa bayan ng Macabebe upang pakalmahin ang nangangambang mamamayan.[76] Sa umpisa ng pananakop ng mga Amerikano, kinilala ang kapangyarihan ni Macario Arnedo sa bayan ng Macabebe at sa buong Pampanga. Siya ang unang gobernador ng Pampanga na nahalal ng mga Kapampangan sa unang dekada ng pananakop ng mga Amerikano na naglingkod ng dalawang termino sa loob ng walong taon mula 1904 hanggang 1912.[77]

Katulad kay Macario Arnedo, si Don Joaquin Gonzales na kanyang pinsan ay taga-Apalit rin at nagmamay-ari ng malalawak na lupain sa bayan ng Macabebe. Ayon kay Esteban Laquindanom na kasalukuyang nakatira sa barangay San Francisco, Macabebe, ang malawak na lupain mula Sitio Bitas sa barangay Batasan ng Macabebe malapit sa *Rio Grande de la Pampanga* hanggang bayan ng Apalit ay pagmamay-ari ni Don Joaquin Gonzales.[78] Kaugnay nito binanggit ni Willem Wolters sa kanyang akda na *Politics, Patronage and Class Conflict in Central Luzon* na noong ikalabing-siyam na siglo ang malalawak na lupain na sinasaka ng mga maliliit na pamilya ay naging bahagi ng malalawak na *hacienda*. Ang mga maliliit na magsasaka na ito na karamihan ay kulang sa pinag-aralan ay walang kapangyarihang ipaglaban ang kanilang mga lupaing sinasaka sa mga makapangyarihang elit. Dahil rito, karamihan sa kanila ay mga manggagawa lamang sa mga malalawak na lupain na ito.[79]

## ANG "SISTEMANG KASAMAK" AT ANG EPEKTO SA KABUHAYAN NG MGA MACABEBE

Ayon kay Apolinar Batac, ang pagkakaroon ng malalawak na lupain ng mga Gonzales ay nangyari sa panahong bihira pa lamang ang mga tao sa Macabebe. Ngunit sa pagdaan ng panahon, unti-unting

lumalaki ang populasyon at parami nang parami ang pamilyang walang lupa. Dahil sa kaunti lamang ang nagmamay-ari ng malalawak na lupain, walang lupang masaka ang karamihan sa mamamayan ng Macabebe. Ang kundisyong panlipunang ito ay naging daan upang mabuo ang tinatawag na "Sistemang Kasamak". Ang salitang "kasamak" ay hango sa wikang Kapampangan na ang ibig sabihin ay "*tenant*" sa wikang Ingles o "kasama" sa Tagalog. Maliban sa mga kasamak, may isang tagapamagitan (*intermediary*) sa pagitan ng panginoong may lupa at mga kasamak na tinatawag ng "pursunero". Ang pursunero ay direktang umuupa ng lupain mula sa may-ari ng lupa na katumbas ng mga *inquilinos* noon at ang mga kasamak naman ang direktang nagsasaka ng lupa. Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano sagana sa produktong agrikultural ang bayan ng Macabebe, tulad ng palay, mais, mani, at iba't ibang prutas. Ngunit wala na ito sa kasalukuyan dahil sa pagtaas ng tubig mula sa *Rio Grande de la Pampanga.*[80]

Kaugnay nito, hindi sapat ang inaani ng mga kasamak para matustusan ang pangangailangan ng pamilya at ang edukasyon ng kanilang mga anak. Dahil sa walang mapasukang trabaho sa mga panahong iyon, karamihan sa mga mamamayan ng Macabebe ay naging kasamak. Sa kabuuan, ang mga mamamayang kasamak ay tinatawag na *ortelano* o sa wikang Ingles ay "farmers."[81] Maliban sa may-ari ng lupa, ang "pursunero" ay itinuturing din ng mga kasamak bilang nakakataas sa kanila sapagkat ang mga ito ay kabilang din sa mga lokal na elit sa bayan na nagsilbing kapitalista. Tuwing *fiesta* sa barangay, ang mga "pursunero" ay binibigyan pa ng mga regalo ng mga kasamak, tulad ng mga manok, baboy, prutas, at iba pang pagkain. Ayon kay Felino Cunanan, may 92 taong gulang na, magmula bata pa siya, uso na ang sistemang kasamak sa Macabebe at Masantol. Idinagdag niya na ang bayan ng Masantol na kadikit lamang sa Macabebe ay marami ring kasamak sapagkat ang mga malalawak na lupain dito ay pagmamay-ari ng mga pamilyang Lacap, Bustos, at Fajardo.[82]

Sa pagdating ng mga Amerikano noong 1898, ito ang umiiral na kundisyong panlipunan na ginagalawan ng mga Macabebe sa probinsiya ng Pampanga. Mula sa kontrol ng mga elit na naglingkod ng matapat sa mga Espanyol, kakaiba ang naging sitwasyon sa Macabebe. Bagamat katulad ng karamihan sa mga Pilipino na napasailalim ng pamahalaang kolonyal, kakaiba ang kanilang kundisyon sapagkat napakalakas ng kontrol ng mga elit sa pulitika at ekonomiya at walang nabuong alyansa sa pagitan ng mga rebolusyonaryo na nagsusulong ng kaisipan upang wakasan ang ganitong sistema. Sa pagrekluta ng mga Amerikano upang maglingkod sa hukbong kolonyal, marami sa kanila ang tumugon sa alok. Hindi lamang ang mga beteranong sundalo na naglingkod na sa pamahalaang Espanyol kundi maging ang mga bagong henerasyon na karamihan noon ay mga binata pa.[83]

Ayon kay Emilio Manansala, isa sa mabigat na dahilan sa pagsusundalo ng mga tao ay ang kahirapan sa buhay at karamihan ng mga tao ay walang mapasukang trabaho. Naging alternatibong kabuhayan ang pagsusundalo sa hukbong Amerikano sa bayan ng Macabebe at ng Masantol na dating baryo ng bayan ng Macabebe.[84] Bilang nasa impluwensya ng mga elit na ngayon ay bumaligtad na sa bagong pamahalaang Amerikano upang maprotektahan ang kanilang mga ari-arian[85], walang naging sagabal o hadlang sa mga tao na maging sundalo ng bagong mananakop. At ayon sa lahat ng taong nakapanayam ko sa mahigit tatlong buwang pagtira sa bayan ng Macabebe, ang bayan ng Macabebe at Masantol ang may pinakamaraming Pilipinong sundalo noong panahon ng mga Amerikano. Ang pagsusundalo bilang kabuhayan ay nagpatatuloy maging sa panahon ng pananakop ng mga Hapon sa Pilipinas. Sa panahong ito, lumalabas na hindi na nagkaisa ang mga Macabebe. May grupo na pumanig sa mga Hapones bagamat mas marami pa rin ang nananatiling tapat sa mga Amerikano. Ang iba naman ay naging kasapi sa mga Huks katulad ng *Banal Regiment* dahil sa isyu sa lupa.

Nagtapos ang paglilingkod ng mga Macabebe bilang mga sundalo noong 1949, tatlong taon magmulang lumaya ang Pilipinas.

## PAGLALAGOM AT KONGKLUSYON

Batay sa mga puntong nailahad, malinaw na ang mga Macabebe sa Pampanga ay naglingkod bilang mga katutubong kawal ng hukbong Amerikano sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano dahil sa kundisyong panlipunan sa kanilang bayan na nagtulak sa kakaiba nilang tinahak na landas sa kasaysayan ng Pilipinas. Matatandaan na sila ang lumaban sa mga dayuhan upang mapatalsik ang mga ito mula pa sa pagsakop sa Maynila, ngunit sila rin ang naging masugid na tagasuporta at tagapagtanggol ng mga kolonisador. Mula nang masakop ang Pampanga ng mga Espanyol gamit ang mga elit, nagbago ang posisyon ng mga Macabebe dahil sa mga elit ng kanilang bayan na binigyan ng pabor o prebilihiyong makapag-aral sa *Intramuros* kasama ang mga estudyanteng Espanyol. Mula sa pamilyang Lakandula, Capulong, Dueñas, Macapagal, at Blanco na naging masugid na tagasuporta sa mga Espanyol kapalit ang mga prebilihiyo tulad ng posisyon sa pamahalaan, edukasyon ng kanilang mga anak, at mga lupain, ang mga elit na ito ang naging tagapamagitan sa mga mananakop at karaniwang mamamayan upang mapanatili ang *status quo* sa larangan ng pulitika at ekonomiya.

Samantala, ang mga karaniwang mamamayan na walang kapangyarihan ay ang biktima at naghihirap. Pyudal ang relasyon nila sa mga elit ng kanilang bayan. Ayon sa pagsusuri ni Larkin, sa lahat ng bayan ng Pampanga, ang bayan lamang ng Macabebe ang may kumpletong listahan ng mga naging *gobernadorcillo* sa bayan sa loob ng 150 taon mula 1615 hanggang 1765 at iilang pamilya lamang ang nagkontrol sa pulitika. Naging biktima rin ang mga Macabebe sa eksploytasyon ng mga Espanyol tulad ng mga institusyong *vandala*, *tributo*, *polo y servicio*, *cortes de madera*, at iba pa. Kaya nag-alsa rin sila laban sa mga Espanyol, ngunit madaling napuksa ang kanilang

pagkilos dahil sa mga elit mismo na ginamit ng mga Espanyol. Binangga nila ang mga rebolusyonaryo sa pagpapabagsak ng pamahalaang kolonyal ng mga Espanyol. Sila ay tinaguriang taksil at traydor sa sambayanang Pilipino, simula pa noong rebolusyong Pilipino. Ngunit ang pananaw na ito ay pinabulaanan ng mga lokal na historyador sa Pampanga. Para kina Katoks Tayag, Mariano Henson, at Lino Dizon, naging biktima ang mga Macabebe hindi lamang sa mga dayuhan kundi pati na rin sa kanilang kapwa Pilipino.

Nang dumating ang mga Amerikano, nagdesisyon ang mga Macabebe na pumanig sa mga ito sapagkat wala silang alyansa sa mga rebolusyonaryo. Ito ang isang praktikal na desisyon para sa kanilang seguridad upang makaligtas sa paghihiganti ng mga rebolusyonaryo. Sa kabilang banda, lubhang kailangan ng mga Amerikano ang mga katutubong kawal sa kanilang operasyong militar. Maraming problema ang hukbong Amerikano na naging kasagutan ang pagrekluta sa mga Macabebe tulad ng ekonomiya (pagtitipid), sa heograpiya ng bansa, kakulangan ng kawal dahil sa pag-siuwi ng mga *volunteers,* at ang *Indian Policy*. Ang planong ito ng mga Amerikano ay naisakatuparan sa paggamit muli nila ng mga elit sa bayan ng Macabebe na masugid na tagasuporta.

Sa panig ng mga karaniwang mamamayan na naghihirap sa lipunang kontrolado ng mga elit, ang pagsusundalo ay isang alternatibong paraan ng pamumuhay sapagkat wala silang lupang masaka bilang mga "kasamak". Dahil rito, marami ang tumugon sa alok ng mga Amerikano sapagkat babayaran sila sa kanilang serbisyo. Kaya ang akusasyon sa kanila bilang mga traydor at taksil sa bayan ay parang hindi akma sapagkat ang kanilang paglilingkod sa koloyal na kawal ay hindi ayon sa kanilang motibo. Ang akusasyong ang mga Macabebe ay kolaborador at mersenaryo ay masasabing totoo sapagkat nakiisa sila sa mga dayuhan at naging sundalong bayaran (mersenaryo), ngunit ito ay nangyari dahil sa kundisyong panlipunan na kanilang kinalalagyan. Sila ay biktima, una, ng mga Espanyol at

ng mga Amerikano, at ikalawa, ng mga lokal na elit, katulad rin ng karanasan ng nakararaming Pilipino.

## Mga Tala

[1] Edwin Hallet Carr. *What is History?* Random House Inc., New York. 1961, p. 12.

[2] Evelyn Miranda. *Early American Imperialism and the Development of the Philippine Oligarchy: The Case of the Philippine Commission and the Filipino Legislative Elite.* University of the Philippines. 1986 at ang artikulo ni Milagros Guerrero na hango sa kanyang disertasyon, "The Provincial and the Municipal Elites of Luzon during the Revolution, 1898-1902". Nasa *Philippine Social History: Global Trends and Local Transformations.* Inedit nina Alfred McCoy at Ed C. de Jesus. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982.

[3] Jean-Christophe Gaillard. "The Two Faces of Kapampangan Ethno-linguistic Group Territory: A Geographical Approach." *Ing Susi.* Ing Pamagsusi King Ika-65 Banwa Ning Pangatatag Ning "Akademyang Kapampangan". Bilang Adwa. Setyembre-Disyembre. Banwang 2002, pp.28-29.

[4] John Larkin. *Sugar and the Origins of Philippine Modern Society.* Quezon City: New Day Publishers, 2001.

[5] *Macabebe Development Profile.* Sinulat ng mga opisyal ng bayan ng Macabebe, Pampanga. Walang petsa.

[6] Aldo Ning Kapampangan. *Souvenir Program*. Pebrero 3, 1991.

[7] Allied Geographical Section. *Terrain Handbook 41: Manila (Luzon).* Southwest Pacific Area. November, 1944, pp. 58-59; Municipal Officials. *Location, and Physical Characteristics of the Municipality of Macabebe*. Macabebe, Pampanga. *Macabebe Development Profile*. Macabebe, Pampanga.

[8] Daniel Frederick Doeppers. *Hispanic Influences on Demographic Patterns in the Central Plain of Luzon, 1565-1780*. Syracuse University. 1968, p. 69.

[9] Martinez de Zuñiga. *The Status of the Philippines in 1810*. Manila: Filipiniana Book Guild, 1973, p. 246.

[10] Mallat, op. cit., p. 265; Charles Franklin. *History of the Philippine Scouts, 1899-1934*. Fort Humphreys D.C.: Historical Section, Army War College, 1935, p. 2.

[11] Ayon kay Leonilo Alfonso, ang bayan ng Macabebe ay talagang hiwalay sa mga karatig-bayan sa Bulacan at Pampanga dahilan sa mga ilog na nakapaikot sa bayang ito. Ang mga tulay na nag-uugnay sa Macabebe at Apalit sa kasalukuyan ay nabuo lamang sa panahon ng administrasyon ni Pangulong Diosdado Macapagal.

[12] Tingnan ang Allied Geographical Section, p.29. Sa kasalukuyan, ang ilog na ito ay may malaking tulay at dito dumadaan ang mga sasakyan mula Maynila papuntang Pampanga tulad ng mga bus, dyip, at tren.

[13] Ito ay batay sa personal na obserbasyon ng may-akda sa kanyang isinagawang panayam sa bayan ng Macabebe.

[14] Jose de Olivares. *Our Islands and Their People As Seen in Camera and Pencil*. New York: N.D. Thompson Publishing Co., 1899, p. 617.

[15] Jaime Veneracion. *Kasaysayan ng Bulacan*. Alemanya: Bahay Saliksikan ng Kasaysayan, 1986, p. 51.

[16] William Henry Scott. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1994, p. 244.

[17] Veneracion, pp. 51-52.

[18] Nick Joaquin. *The Aquinos of Tarlac: An Essay on History as Three Generations*. Manila: Solar Publishing Corporation. Third Edition, 1988, p.16.

[19] Luis Dery. The Undersides of 1896….: "Why it took the Filipinos too long to end Spanish colonial rule in the Philippines". *Remember the Ladies and Other Historical Essays on the Philippine Revolution*. M & L Licudine Enterprises. 2000, p. 277.

[20] Dery. Why It Took… *Remember the Ladies*…op.cit.,p. 279.

[21] Veneracion, op. cit.,p. 79.

[22] Ibid.

[23] Luis Dery. *The History of the Inarticulate*. Quezon City: New Day Publishers, 2001, p. 8.

[24] Ang "*un tercio*" ay katumbas ng rehimentong militar na binubuo ng 1,200 sundalong Kapampangan para sa serbisyo ng pamahalaang kolonyal ng mga Espanyol.

[25] Mariano Henson. *History of Pampanga and Its Towns, (A.D. 1300-1965).* Manila: Second Edition. Villanueva Book Store, 1955.

[26] Alfred McCoy. "The colonial origins of the Philippine military traditions". Nasa *Philippine Revolution of 1896: Extraordinary Lives in Extraordinary Times.* Inedit nina Florentino Rodao at Felice Noelle Rodriguez. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002, p. 95.

[27] John Arnold. *The Philippines: The Land of Palm and Pine*. (Official Guide and Handbook). Manila: Department of Commerce and Police, 1912, p.14.

[28] Henson, op. cit.,p. 34.

[29] Renato Constantino. *The Philippines: A Past Revisited.* Vol. 1, Manila. Renato Constantino. 1975, pp. 96-97.

[30] Cesar Pobre. *History of the Armed Forces of the Filipino People.* Quezon City: New Day Publishers, 2000, pp.74-75.

[31] Rafaelita Soriano. *A Shaft of Ligth.* Quezon City: Prenton Press, 1996, p. 320; Henry Parker Lewis. *Our Philippine Problem: A Study of American Colonial Policy.* New York: Arno Press. 1970. p. 120.

[32] John Larkin. *The Pampangans*. Quezon City: New Day Publishers, 1993, pp. 114-115.

[33] Ayon kay Larkin mula Agosto 23, 1896 hanggang Nobyembre 1897, ang mga sundalong Espanyol kasama na ang mga mersenaryo ay nagkaroon lamang ng limang patay at anim na sugatan sa Pampanga, samantalang sa ibang lugar ay umabot di-umano ng 2,660. Ito ay batay di umano sa "Report of the Spanish Casualties in Pampanga, August 23, 1896 to November 10, 1897". Ang pahayag na ito ni Larkin ay kailangan pang suriin sapagkat hindi niya binanggit kung alin-alin sa mga lugar ang sinasabi niyang may maraming namatay.

[34] Larkin, op. cit.,p. 114.

[35] James Le Roy. *Americans in the Philippines.* New York: Vol. 2. AMS Press, 1914, p. 200.

[36] Panayam kay Celia Blanco Yumul, pamangkin ni Koronel Blanco. Ang panayam ay isinagawa noong Hulyo 5, 2003.

[37] Soriano, op. cit.p. 324.

[38] Ricardo Galang. *Ethnographic History of the Pampangans*, Manila, 1940, p. 9.

[39] Reynaldo Ileto. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Quezon City: Ateneo de Manila University, 1979, p. 154.

[40] Manuel Sastron. *La revolución en Filipinas: Guerra Hispanico-Americana en el Archipelago*. Madrid: Imprenta de la Sucesora De M. Minuisa de Los Rios, 1901, p. 454.

[41] Le Roy op. cit., pp. 200-201.

[42] James Richard Woolard. *The Philippine Scouts: The Development of America's Colonial Army*. Digital Dissertations. Ohio State University, 1975, p. 6.

[43] Ibid., pp. 6-7.

[44] Henson ,op. cit., p. 42.

[45] Woolard, op. cit.,pp. 2-3.

[46] John Barrett. "Half-Year of War with Aguinaldo". *The American Monthly Review of Reviews*. Edited by Albert Shaw. Vol. XX., No. 3,p. 297.

[47] Clayton Laurie. "The Philippine Scouts: America's Colonial Army, 1899-1913". *Philippine Studies*. Vol. 37. Second Quarter, 1989, p.179.

[48] John Morgan Gates. *Schoolbooks and Krags: The United States Army in the Philippines., 1899-1902*. Connecticut: Greenwood Press Inc., 1973, p. 95.

[49] Edgar Bellairs. *As It Is in the Philippines*. New York: Lewis, Scribners and Company, 1902, pp.128-129.

[50] McCoy, op. cit., pp. 97-98.

[51] McCoy, op. cit.,p. 97.

[52] Laurie, op. cit.,p. 175.

[53] Barrett, op. cit.,p. 303; Le Roy, .op.cit.,p. 49.

[54] Ibid.,p.178.

[55] Russel Roth. *Muddly Glory: American Indian Wars in the Philippines, 1899-1935*. Massachusetts: The Christopher Publishing House, 1981, p. 17.

[56] William Cameron Forbes. *The Philippine Islands*. Houghton Mifflin Co. 1928, pp. 196-197.

[57] Antonio Tabaniag. "The Pre-War Philippine Scouts". *Journal of East Asiatic Studies*. Vol. 9, No. 4 (October, 1960), p. 9.

[58] Linn, op. cit.,p.127.

[59] Marion Wilcox. *Harper's History of the War in the Philippines*. New York: Harpers and Brothers Publishers, 1900; Pobre, op. cit.,p. 75.

[60] Ito ang sinabi ni Tenyente Batson sa kahusayan ng mga Macabebe. Tingnan, Franklin, op. cit.,p. 2.

[61] McCoy, op.cit.,p. 97.

[62] Romeo Cruz. *Filipino Collaboration with the Americans*. University of the Philippines-Diliman. MA thesis, UP Archives. 1956, p.102; Le Roy, op. cit.,p. 49.

[63] Henry Willis Parker. *A Study of American Colonial Policy*. Henry Holt and Company. 1905, pp. 120-121.

[64] Pobre, op. cit., p.76; Parker, op. cit.,p.121.

[65]Edward Coffman. *The Philippine Scouts, 1899-1942: A Historical Vignette*. International Commission of Military History. Acta, No. 3 Teheran (Bucharest). 6/16/1976, p.73.

[66] Antonio Abad. *Ang Pagkanulo kay Heneral Aguinaldo*. Muñoz, Nueva Ecija: The Student Press, 1919, pp. 28-64.

[67] Ito ang pahayag ni Koronel J.M. Thompson sa ginawang pang-aabuso ng mga Macabebe. Tingnan ang aklat ni Storey Moorfield at Julian Codman. *"Secretary Root's Record": Marked Severities in Philippine Warfare*. Boston, p. 57.

[68] Daniel Schirmer. *Republic or Empire: American Resistance to the Philippine War*. Massachusetts: Schenkman Publishing Company Inc., 1972, pp. 227-228.

[69] Storey, op. cit.,p.58; Ang pananaw na ito ni McKenna ay sinuportahan ni Henry Willis Parker sa pagsasabing bagamat alam na ng publiko ng Estados Unidos ang ginagawa ng mga sundalong Amerikano batay na rin sa pag-amin ng kanilang mga opisyal, patuloy pa rin ang pagmomobilisa ng mga *Scout* para sa pagpapahupa ng mga rebolusyonaryo. Tingnan, Parker, op. cit,. p121.

[70] Panayam kay Emilio Manansala. Marso 31, 2005.

[71] Olivia Habana. "Pampanga in the Economic History of the Philippines." *The 1898 Magazine*. Vol.II, No. 23. April, 1999, pp. 50-53.

[72] Ito ang pahayag ni Rosalina Guinto Blanco. Isinagawa ang panayam noong Marso 5, 2005.

[73] Panayam kay Lourdes Gatdula. Si Lourdes Gatdula ay anak ni Jose Gatdula na mananahi at malapit na kaibigan ni Don Eugenio Blanco. Ang panayam ay isinagawa noong Marso 5, 2005.

[74] Ayon kay Sevirino Tubig, may pagkakataon na naimbitahan ang banda ng Macabebe na hawak ni Koronel Blanco sa isang kumpetisyon sa *fiesta* ng Hagonoy, Bulacan. Sa kumpetisyong ito parehong magagaling ang mga kalahok sa paligsahan na umabot na ng isang araw at kalahati upang matiyak ng mga hurado ang magwawagi. Matapos ang nasabing kumpetisyon, naideklarang panalo ang banda ng Hagonoy. Ngunit nang malaman ni Koronel Blanco ang desisyong ito, sinulatan niya ang *Mayor* ng Hagonoy at iginiit na ideklarang panalo ang banda ng Macabebe. Sa takot ng *Mayor* ng Hagonoy kay Blanco, binaligtad nito ang desisyon ng mga hurado at nanalo ang banda ng Macabebe.

[75] Andrew Gonzales. "Macario Arnedo and the Transfer of the Provincial Capital from Bacolor to San Fernando." *Kapampangan Magazine*. Issue XIV, 2004, pp. 21-22.

[76] Jose Alejandrino. *The Price of Freedom*. Manila: M. Colcol and Company, 1949,p. 134.

[77] Gonzales, op.cit.,p. 22.

[78] Sa pagtantiya ng may-akda, mula sa barangay San Francisco, Macabebe patungong bayan ng Apalit ay umaabot ng humigit-kumulang walong kilometro.

[79] Willem Wolters. *Politics, Patronage and Class Conflict in Central Luzon*. Research Report Series No.14. The Hague: Institute of Social Studies, 1983, pp.15-19.

[80] Ayon kay Kragi Garcia, ang sistemang ito ay umiiral sa Pilipinas sa panahon ng mga Espanyol, lalo na sa mga malalawak na lupain ng mga prayle noon. Ang panayam ay isinagawa noong Abril 27, 2005. Tingnan si Rene Escalante. *The American Friar Lands Policy: Its Framers, Contexts and Beneficiaries*. Manila: De la Salle University Press, 2002, pp. 30-34.

[81] Panayam kay Leonilo Alfonso. Marso 16, 2005.

[82] Panayam kay Felino Cunanan. Marso 22, 2005. Si Felino Cunanan ay dating *Mayor* sa bayan ng Masantol. Naging gerilya siya sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa ilalim ng "Banal Regiment". Matapos ang digmaan, naging *Philippine Scout* siya noong 1947.

[83] Panayam kay Remedios Dizon. Abril 3, 2005.

[84] Si Emilio Manansala ay taga-Masantol at dating propesor sa *Pampanga College* sa bayan ng Macabebe. Siya ay may Masterado sa Kasaysayan sa Far Eastern University at naging propesor niya si Gregorio Zaide. Bilang bahagi ng kanyang "requirements" sa Masterado sa kasaysayan, nakipagpanayam siya noon sa *Macabebe Scouts* na karamihan ay patay na sa kasalukuyan.

[85] Milagros Guerrero, "The Provincial and the Municipal Elites of Luzon During the Revolution, 1898-1902." Nasa *Philippine Social History: Global Trends and Local Transformations*. Inidit nina Alfred McCoy and Ed. C. de Jesus. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982.

## Bibliograpiya


**Mga Primaryang Batis**

Alejandrino, Jose. 1949. *The price of freedom*. Manila: M. Colcol and Company.

Faust, Karl Irving. 1899. *Campaigning in the Philippines*. San Francisco: The Hicks-Judd Publishing Company.

Graff, Henry F. 1969. *American imperialism and the Philipine insurrection*. Boston: Little Brown and Company.

Olivares, Jose de. 1899. *Our islands and their people as seen in camera and pencil*. N.D. New York: Thompson Publishing Co.

Ria-Baja, Carlos. 1899. *El desastre Filipino: Memorias de un prisionero*. Barcelona: Tifografia La Academica, De Serra Hermanos y Russeli.

Taylor, John. 1971. *Philippine Insurrection against the United States*. Pasay Cty: Eugenio Lopez Foundation.

Sastron, Manuel. 1901. *La Revolucion en Filipinas: Guerra Hispanico-Americana en el archipelago*. Madrid: Imprenta de la Sucesora De M. Minuisa de los Rios.

Sawyer, Frederic. 1900. *The Inhabitants of the Philippines*. London: Sampson Low, Martson and Company.

Segovia, Lazaro. 1969. *The Full Story of Aguinaldo's Capture*. (Isinalin mula orihinal sa wikang Espanyol ni Frank de Thoma). Manila: MCS Enterprises.

Wilcox, Marion. 1900. *Harper's History of the War in the Philippines*. New York: Harpers and Brothers.

**Mga Sekondaryang Batis**

Abad, Antonio. 1919. *Ang pagkanulo kay Heneral Aguinaldo*. Muñoz, Nueva Ecija: The Student Press.

Allied Geographical Section. 1944. *Terrain Handbook 41: Manila* (Luzon). Southwest Pacific Area.

Arnold, John. 1912. *The Philippines: The land of palm and pine*. (Official Guide and Handbook). Manila: Department of Commerce and Police.

Coffman, Edward. 1976. *The Philippine Scouts, 1899- 1942: A historical vignette*. Bucharest: International Commission of Military History.

Dery, Luis. 2000. *Remember the ladies and other historical essays on the Philippine Revolution*. M&L Licudine Enterprises.

Dizon, Lino. 2000. *Amlat: Kapampangan Local History Contours in Tarlac and Pampanga*. Tarlac City: Center for Tarlaquiños Studies, Tarlac State University.

Doeppers, Daniel Frederick. 1968. *Hispanic influences on the demographic patterns in the central plain of Luzon, 1565-1780*. Syracuse University.

Gates, John Morgan. 1973. *Schoolbooks and krags: The United States Army in the Philippines, 1899-1902*. Connecticut: Greenwood Press.

Henson, Mariano. 1955. *History of Pampanga and its towns (A.D. 1300-1965).* Second Edition.Manila: Villanueva Book Store.

Larkin, John. 1993. *The Pampangans*. Quezon City: New Day Publishers.

Linn, Brian McAllister. 2000. *The Philippine War, 1899-1902*. University Press of Kansas, 2000.

May, Glenn Anthony. 1993. *Battle for Batangas: A philippine province at war*. Quezon City: New Day Publishers.

Moorfield, Storey at Lichauco Marcial. 1926. *The Conquest of the Philippines*. G.P. Putnam Sons.

Pobre, Cesar. 2000. *History of the armed forces of the Filipino people*. Quezon City: New Day Publishers.

Roth Russel. 1981. *Muddy glory: American Indian wars in the Philippines, 1899-1935.* Massachussettes. The Christopher Publishing House.

Schirmer, Daniel. 1972. *Republic or empire: American resistance to the Philippine War*. Massachussetts: Shenkman Publishing Company.

**Mga Tesis at Disertasyon**

Franklin, Charles H. 1935. *History of the Philippine Scouts, 1899-1934*. Historical Section, Army War College, Fort Humphreys, D.C.

Meixsel, Richard Bruce. 1993. *An army for independence? The American roots of the Philippine army*. Ohio State University.

Miranda, Evelyn. 1986. *Early American imperialism and the development of the Philippine oligarchy: The case of the Philippine Commission and the Filipino legislative elite.* University of the Philippines Diliman.

Paulet, Anne. 1995. *The only good indian is a dead indian: The use of United States Indian Policy as a guide for the conquest and occupation of the Philippines, 1898-1905.* University of New Jersey.

Woolard, James Richard. 1975. *The Philippine Scouts: The development of America's colonial Army.* Ohio State University.

**Mga Artikulo**

Barret, John. .Half Year of War With Aguinaldo. *The American Monthly Review of Reviews*. Inedit ni Albert Shaw. Vol. XX, no.3.

Dery, Luis. Ang Maynila at Luzon Noong Ika-labing Pito at Ika-labing Walo na Siglo. Selected Papers of the Annual Conferences of the Manila Studies Association, 1899-1913.

Gaillard, Jean-Christophe. 2002. The two faces of Kapampangan ethnolinguistic group territory: A geographical approach. *Ing Susi* 2.

Guerrero, Milagros. 1979. The provincial and municipal elites of Luzon during the revolution, 1898-1902. Nasa *Philippine social history: Global trends and*

*local transformations*. Inedit nina Alfred McCoy at Ed C. de Jesus. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

History and Cultural Life of Masantol. 1952. *Historical Data Papers*.

Iniego, Florentino Jr. 2005. Ang imahe ng mga Macabebe sa mga litrato ng American mass media (1899-1901). *Philippine Social Sciences Review* 57: 143-179.

Laurie, Clayton. 1989. The Philippine Scouts: America's colonial army, 1899-1913. *Philippine Studies* 37.

McCoy, Alfred . 1979. The colonial origins of the Philippine military traditions. Nasa *Philippine social history: Global trends local transformations*. Quezon City: Ateneo de Manila University.

Viray, F.B. (walang petsa). *Historical and cultural life of Macabebe*. Manila: National Historical Institute.